# Mungkahing Balangkas sa Pagsasanib ng Values tungo sa Pagpapahusay ng Pagtuturo sa Filipino 7

**Fhilip A. Perida, LPT, MAEd[1], Marlon L. Miguel, LPT, MAEd[2]**
Don Honorio Ventura State University[1]
peridafhlip@gmail.com[1], lonmarleugim77@gmail.com[2]

**Abstract**

This study focuses on the core values developed in a seventh-grade literary texts, which paved the way to the suggestion of a framework for effective values integration in literary texts. Through content analysis, interviews, and surveys, it was discovered that four core values are being developed in texts: maka-Diyos (love for God), Makatao (love for fellow men), maka-kalikasan (love for nature), and maka-bansa (love for the country); these core values are well-presented, and three of them are sometimes cultivated together depending on the topic being discussed. Research revealed through the significant response of the teachers that its cultivation is essential in integrating the text; it has a greater effect; it has an enormous impact on the student's life, and the use of different methods and putting the teacher himself in the situation are methods of how to improve the teaching of values. The researchers recommended adopting the framework to develop and strengthen the educational program for values integration in Filipino 7, as a major step toward advancing transformational education in the country.

Keywords: framework, core values, education, Filipino, transformative, at values integration

## PANIMULA

Ang edukasyon ay isa sa nagtutulak kung bakit ang isang tao ay nagtitiyaga at nagsusumikap na maghangad, maging matalino, at dakila. Sadyang napakalaki ng papel na ginagampanan nito sa paghubog ng isang matatag, matalino at kapaki-pakinabang na indibidwal. Ang katotohanang ito ay hindi mapasusubalian ninuman dahil sa dulot nitong kabutihan para sa lahat, gayundin sa mabisang epekto nito upang maging marunong at ganap na umunlad ang tao. Sa katunayan, ito ang *"nagsisilbing daan upang maging buo ang isang tao at makaagapay sa mga pagbabagong nagaganap sa daigdig sa tulong ng wasto, malinaw, at akmang edukasyon,"* ani dating Kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon, Gng. Leonor M. Briones binanggit sa ulat ni Tugas (2018) sa *Business World*. Idinagdag din niya na sa tulong ng edukasyon ay magkakaroon ang mag-aaral ng kalayaan na alamin ang katotohanang magsisilbing daan upang walang pag-alinlangang harapin ang isang hamon.

Ang salaysaying ito ay pinatunayan din ni Quisumbing (2012), binanggit ni Nuevo (2016) na sadyang malaki ang responsibilidad ng edukasyon upang hubugin ang kabataan na maging kapaki-pakinabang na mamamayan at lider ng bansa na magsisilbing kinabukasan ng bayan. Ika nga ni Dr. Jose Rizal, *"kung walang edukasyon at kalayaan na siyang magsisilbing lakas ng tao, walang pagbabagong magaganap, at mithiing makakamit."*

Ngunit, edukasyon din ang maaaring maging daan upang ang bayang walang pagkakaisa at watak-watak ay magkasundo. Ito rin ang maaaring humubog ng isang taong may pagmamahal at pagmamalasakit sa kalikasan at kapaligirang tinitirhan. Sa tulong nito ay maaaring mapaalab ang damdamin ng isang mamamayan upang mahalin ang kaniyang bansang sinilangan, kultura, at mayamang kasaysayan. Sa pamamagitan din nito ay maaaring manatiling tapat, may takot, magalang, puno ng pag-asa at pananampalataya sa Panginoong Diyos ang isang mamamayan.

Ayon pa rin kay Quisumbing (2012) binanggit kay Nuevo (2016) na ang papel ng edukasyon ay sumasaklaw hindi lamang sa pagpapaunlad ng kaalaman, karunungan, at kasanayan ng isang indibiduwal. Ito rin ay nagsisilbing kasangkapan upang mapaunlad ang kaniyang tamang asal at wastong pag-uugali. Ang dalawang ito ay magkasamang nalilinang ng edukasyon at parehong binibigyang halaga sa kurikulum upang ang isang indibidwal ay maging kapaki-pakinabang na mamamayan at handang humarap sa maraming hamon at reyalidad ng buhay (Escasenas & Toledo, 2015).

Subalit sa kasalukuyang panahon ay ipinakikita ng reyalidad ang totoong sitwasyon ng lipunan. Tila, may pagkukulang ang edukasyon upang itama at ituro sa tao kung ano ang tama at mali. Kung papansining mabuti, naging marunong ang tao sa paglipas ng maraming panahon. Maraming naging dakila at lumaganap ang pag-unlad ng teknolohiya dahil sa edukasyon. Ngunit ang katotohanan sa kabila ng pamamayagpag ng karunungan ng tao ay hindi maaaring magsantabi sa tunay na suliranin ng sosyedad. Patunay rito ang pangangailangan ng mga mag-aaral na Pilipino sa kasalukuyan na maging mulat at malay sa mga mabubuting asal na kailangang taglayin sapagkat malaki ang krisis na hinaharap ng bansa pagdating sa usaping moral. Ayon kay Muega (2010), sa kasalukuyan, ito ang problema ng bansa at maaaring masolusyunan sa pamamagitan ng values bilang lunas sa mga problemang may kaugnayan dito. Sa ganitong pamamaraan ay maaaring makapag-ambag ang sistema ng edukasyon upang makalinang ng mga mag-aaral na may moral at produktibong kamalayan, subalit sa kasalukuyan ay napag-iiwanan ito ng sistema sapagkat nakatuon ito sa pagluluwal ng mga mag-aaral na bihasa sa iba't ibang kasanayan na kailangang matutunan upang

makahanap ng maayos na trabaho tulad ng nakasaad sa programa ng K-12. Kaya hindi nakapagtataka kung bakit maraming mga mag-aaral na Pilipino ang kulang sa disiplina sa sarili at pagpapahalaga sa mayamang kasaysayan na mayroon ang bayan.

Sa pamamagitan ng edukasyong may pagpapahalaga sa sanhi at bunga ng isang suliranin, ang mga mag-aaral ay makapag-iisip din ng isang hakbang na makatutulong upang bigyang solusyon ang suliranin na maaaring may kinalaman sa kawalan ng tamang kaalaman sa pagtatapon ng basura at kawalan ng pagmamahal sa kalikasan.

Sa kasalukuyan ay nakararanas ang mundo ng *"global warming"*. Madalas ang pagbaha, *landslide*, at iba pang kalamidad. Ayon nga sa ulat ni Mahar Mangahas noong ika-25 ng Mayo 2019 sa *Inquirer.net*, ang mga Pilipino ay labis na nag-aalala sa mga suliraning may kinalaman sa kapaligiran tulad ng polusyon sa hangin at tubig, tamang pagtatapon ng basura, paggamit ng pestisidyo at nakalalasong kemikal. Ngunit, ang kakayahang bigyang solusyon ay hindi nabibigyan ng pansin ng mga ito.

Ang hindi pagsunod sa batas-trapiko ay isa ring suliraning panlipunang kinahaharap sa Pilipinas. Ayon sa ulat ng *Land Transportation Office* o LTO, taon-taon ay tumataas ang bilang ng mga kaso na may kinalaman sa paglabag sa batas-trapiko. Bagaman may batas na nagpaparusa rito ay patuloy pa rin ang paglabag ng mga tao.

Hindi rin mabilang ang iba't ibang kriminalidad at iba pang aktibidad na maiuugnay dito tulad ng problema sa ilegal na droga, korapsiyon, "human trafficking," at iba pa na para bang wala nang katapusan at solusyon, at palagi na lamang laman ng pang-araw-araw na balita sa telebisyon at pahayagan.

Ayon sa magasing Gumising ng *Watchtower* (2019), napaulat sa mga pahayagan sa iba't ibang panig ng mundo ang mga problemang may kinalaman sa kriminalidad. Sa nasabing magasin ay maraming mga eksperto ang nagsasabi na edukasyon ang maaaring maging kasagutan sa problemang ito ng lipunan.

Ang mga pangyayaring ito ay nagpapakita na ang pag-unlad ng edukasyon sa kasalukuyang panahon ay nakatuon lamang sa paglinang ng isang indibidwal na marunong ngunit walang puso at damdamin. Ito ang isang pagkukulang na kinakailangang punan sa ating edukasyon. Kaya naman napakahalaga na maglinang ng isang indibidwal na hindi lamang bihasa sa kasanayan kundi marunong din magbigay halaga rito at magmalasakit kung paano ito magagamit upang makatulong sa iba.


© 2023 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

Ito rin ang malaking pangangailangan ng mga mag-aaral na Pilipino sa panahong ito sapagkat makatutulong upang mabuksan ang kamalayan para bigyang pansin at solusyon ang krisis sa moral na nagiging dahilan ng maraming mga problema na kinahaharap ng bansa. Sa kasalukuyan, hindi maitatanggi na ang lipunan ay humaharap sa maraming mga pagbabago at kinakailangan ang mga mag-aaral ay dapat malalim ang pagsusuri sa mga ito upang hindi sila malihis ng landas. Ang values na kailangang taglayin at linangin ay dapat nagiging bahagi ng kanyang mga aralin at kasanayang pinagtutuonan ng pansin sa paaralan. Sa pamamagitan nito ay nagkakaroon ang mga mag-aaral ng kahandaan upang maging mapagmatyag at mulat sa mga isyu na may kinalaman sa kanyang sarili at iba pang pangangailangan.

Ang mga isyung nabanggit din ay hindi nakalampas sa panawagan ng *Catholic Educational Association of the Philippines* (CEAP) para sa isang transformative education na magamit ang edukasyon para sa pagbabago dahil nagsisilbing daan ito upang maituwid ang pagkakamali. Binanggit sa bahagi ng talumpati ni Fr. Joel E. Tabora noong 2015 ang tema ng transformative education at ito ay nakaangkla sa *"edukasyong pangkapaligiran, paggalang sa kapuwa anuman ang kasarian, edukasyong pangkatarungan at pangkapayapaan, at katatagang pampulitika at pampamayanan."*

Ang pagbabalik ng sabdyek na Good Manners and Right Conduct at Values Education sa mga pampubliko at pampribadong paaralan sa taong ito batay sa Batas Pambansa Blg. 11476 ay nagpapakita ng lubusang pagsuporta sa kahalagahan ng values at pangangailangan ng mga Pilipinong mag-aaral na maitanim sa kanilang puso at isipan ang halaga ng pag-ibig sa kapuwa, pagmamahal sa kapaligiran, pagbibigay halaga sa buhay ng tao, at higit sa lahat ay pagsunod sa batas.

Binigyang pansin sa pag-aaral na ito ang core values na nalilinang sa bawat teksto ng mga aralin sa Filipino. Ayon sa direktor na si Brian Edgar (2010), ng *Theology* at *Public Policy for the Evangelical Alliance*, ang core values ay kabuuan ng mga prinsipyo, pananaw at kagustuhan para sa isang matatag at makabuluhang pamumuhay Kristiyano. Ayon naman sa itinatadhana ng Batas Pambansa Blg. 10533 ng Kagawaran ng Edukasyon, ang core values ay nakaangkla o nakaugnay sa pananaw at misyon ng kagawaran na makapagbigay sa bawat Pilipino ng edukasyon na mahusay upang mapatatag ang kasanayan at malinang ang pagmamahal sa bayan ng bawat mag-aaral.

Ang core values ng kagawaran ay sinuportahan din ng Atas Kagawaran Blg. 36 serye 2013 na kung saan ay may apat na core values ang kagawaran na

nagbubuklod upang pagkaisahin ang mga nasa kagawaran sa pagtupad nito sa mga layunin at gampanin sa pagpapatupad ng isang edukasyon na ang layunin ay makapag-ambag sa bawat isa na nangangarap ng kabutihan sa bayan para sa edukasyon na huhubog sa kanilang kamalayan.

Binigyang paglalarawan din ang mga core values na ito sa Atas Kagawaran Blg. 8 serye 2015 kung paano bibigyan ng karampatang marka batay sa mga pag-uugali na ipinakita ng isang indibidwal sa loob ng isang markahan. Sa pamamagitan nito ay hindi lamang ang marka na nakuha sa kasanayan sa iba't ibang sabdyek ang nabibigyan ng marka, maging ang ipinakitang gawi, ugali, at asal ng isang mag-aaral ay isinasaalang-alang din sa loob ng klasrum bilang balanseng sangkap sa pagkatuto.

Ayon nga sa Artikulo XIV, seksiyon 3, talata 1 hanggang 2 ng kasalukuyang Saligang Batas ng Pilipinas ay dapat ikintal ang pagkamakabayan at paggalang sa karapatang pantao. Malinaw rin na ipinapakita sa bawat pangungusap ng Saligang Batas na ang edukasyon ay may tungkuling magtaguyod, magpaunlad, at magpalakas ng mga mamamayan na may pagpapahalaga at paggalang sa kapuwa, sagisag pambansa, pananampalataya, karunungan, batas, at pagiging makabayan.

Isa sa mga teorya upang suportahan ang kahalagahan ng values ay ang Values Clarification Theory, mula ito kay Christopher Branson (2015). Ito ay nagtatalakay sa konsepto ng pilosopiya na ang isang tao na marunong mag-isip ay siyang unang nakapipili ng angkop na values na maaari niyang magamit sa pakikisalamuha sa kanyang kapuwa sa tulong ng mabuting pakikisama.

Ang mga pag-aaral na nabanggit ay nakatuon sa mabuting epekto ng values sa mga mag-aaral. Ang mga ito ay tahasang sumusuporta sa kabutihang naidudulot ng pagsasanib ng values. Bagamat may mga limitasyon ay naging sapat ang mga ito upang idiin at pangatwiranan ang values bilang sangkap para sa mahusay na pagtuturo at pagkatuto. Samantala, ang pag-aaral na ito ay naiiba sa mga nauna sapagkat isinaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral bilang tagatanggap at sentro ng paglilinang ng values. Nakasentro rin ang pag-aaral na ito sa layuning nais matamo ng pagbabalik ng sabdyek na GMRC na kung saan ang mga values na nais linangin ay magsisilbing kasangkapan ng mga mag-aaral sa pagharap sa mga hamon sa kasalukuyang panahon na kung saan ay humaharap ang bansa sa krisis ng moral. Kasangkot din sa pag-aaral ang mga guro upang ipakita kung paano nila inilalarawan ang kahalagahan ng paglilinang ng values sa pagtuturo ng panitikan. Taglay rin ng pag-aaral na ito ang pagkakaroon ng isang balangkas na maglalarawan sa halaga ng values na


© 2023 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

magagamit sa pagpapabuti ng pagtuturo sa Filipino na kung saan ay ibinatay sa naging pagsusuri at mga datos na nakalap bilang tugon sa mas epektibong paggamit ng balangkas sa pagsasanib ng values sa aralin.

**Paglalahad ng Suliranin**

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga core values na nililinang sa mga tekstong pampanitikan sa Ikapitong taon; mailarawan ang kahalagahan ng paglilinang ng mga core values sa mga tekstong pampanitikan sa Ikapitong taon mula sa panig ng mga mag-aaral; at mga guro; at mailarawan ang mungkahing balangkas sa pagsasanib ng values ang mabubuo bilang resulta ng pag-aaral?

**Metodolohiya**

Ginamit ang pagsusuring pangnilalaman o content analysis bilang pamamaraan sa pagtukoy, paglalahad, at pagkalap ng impormasyon. Ginamit din ng mga mananaliksik ang dulog na triangulation method. Samantala ginamit ang uring Conventional sa pag-aaral na ito para sa pagsusuring pangnilalaman. Kinapanayam ang mga guro na nagtuturo ng sabdyek na Filipino sa Ikapitong taon at ipinasagot ang talatanungan sa mag-aaral na nasa Ikawalong taon. Pinili sila sa pamamagitan ng krayterya at *Stratified Random Sampling*.

Nang malikom na ang mga impormasyon ay nagsagawa ng pagbibigay interpretasyon sa mga datos upang bigyang kasagutan ang mga kahingian sa suliranin ng pag-aaral. Ginamit din ang tematikong pagdulog para sa pagbuo ng mga tema mula sa mga sagot ng mga kalahok na guro bukod pa sa pagkuha sa pangunahing ideya ng kanilang sagot at pagpapaliwanag dito. Ang mga temang nabuo mula sa dulog tematiko ay ginamit upang patibayin ang balangkas na nabuo mula sa pag-aaral, maging ang mga mabubuting gawi na nahahati sa apat na core values.

Ang teksto at talatanungan ang mga instrumentong ginamit sa pag-aaral para sa pagsusuring ito. Ang nasabing talatanungan ay nakabatay sa mga values na nililinang sa bawat teksto ng ikatlong kuwarter ng taon. Ito ay binuo batay sa kahalagahan ng paglilinang sa paraang kagamit-gamit at pinagtibay ng eksperto upang maging akma, wasto, malinaw, at angkop ang mga tanong. Ang sampung katanungan ay sinagot ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagpili ng bilang na may katumbas na paglalarawan: 1- Lubos na Hindi Mahalaga, 2- Hindi Mahalaga, 3- Hindi Gaanong Mahalaga, 4- Mahalaga, at 5- Lubos na Mahalaga. Ang mga naging resulta sa prosesong ito ay ginamit ng mga mananaliksik upang ilarawan

kung gaano kalahalaga ang paglilinang ng values sa pagtuturo ng akda na para sa mga mag-aaral ay isang bagay na mahalaga at makabuluhan.

Samantala, ang mga katanungan sa pakikipanayam sa mga guro ay tungkol sa kahalagahan ng pagsasanib ng values sa pagtuturo ng isang araling pampanitikan, kabutihang maidudulot sa mag-aaral ng isang aralin na naglilinang ng values, at epekto ng pagtuturong may values sa pagtalakay sa isang tekstong pampanitikan, at paraan na magagawa upang mapahusay ang pagtalakay sa isang aralin na may nililinang na values. Ang mga ito ay ginamit ng mga mananaliksik upang bigyang tuon kung paano pinahahalagahan ng mga guro ang paglilinang ng values sa pagtuturo ng akda.

Ang mga tekstong pampanitikan na ginamit ay nakabatay sa kurikulum ng K to 12. Ang mga ito ay kinabibilangan ng Tugmang de Gulong, Palaisipan, Tulang Mapanudyo na may pamagat na *"Chit Chirit Chit"*; Sanaysay na pinamagatang "*Bakit Ako Magsusulat sa Filipino?*"; Alamat na pinamagatang "A*lamat ng Paruparo*"; Mitolohiya na may pamagat na "*Ang Hukuman ni Mariang Sinukuan*"; at Kwentong Bayan na pinamagatang "*Si Malakas at Maganda*" na nasa ilalim ng ikatlong kwarter ng taon.

Matapos malikom ang bawat datos na ginamit mula sa mga guro at mag-aaral ay nagkaroon ng pag-aanalisa sa mga resultang lumabas mula sa isinagawang pangangalap. Upang mas maging malinaw ang interpretasyon sa mga datos, ang mga mananaliksik ay gumamit ng *Mean* sa tulong ng isang istatistisyan.

Sa pagsusuring pangnilalaman sa bawat tekstong pampanitikan ng aralin na itinuturo sa Ikapitong taon ng ikatlong kwarter ay dulog *Conventional* ang ginamit ng mga mananaliksik. Nagsagawa ng nararapat na hakbang upang bigyang pansin ang teksto na sinuri. Binasa isa-isa ang mga teksto upang maunawaan ang nilalaman nito. Inalam at tinukoy ang mga aral sa bawat tekstong pampanitikan sa aralin. Inilista ang mga ito, upang maihanay at matukoy ang mga core values na nalilinang sa bawat teksto. Sa ganitong paraan ay natukoy ng mga mananaliksik ang mga mabubuting gawi na nalilinang sa bawat tekstong binasa.

Samantala, ang naging tugon ng mga guro kung paano inilarawan ang kahalagahan ng paglinang ng core values sa teksto ay inipon sa pamamagitan ng paglista sa mga ito, at pagkuha sa pangunahing ideya ng sagot. Ginamit din ang kanilang mga naging sagot sa pagbuo ng mga tema na magpapatibay sa balangkas. Ang mga ito ay nagsilbi ring mga karagdagang datos upang iugnay sa mga impormasyon na nakalap sa pagsusuring pangnilalaman ng teksto, gayundin sa naging resulta ng pag-aanalisa sa datos ng sagot ng mga kalahok tungkol


© 2023 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

sa kahalagahan ng paglinang sa core values. *(Pagbabasa, koding, kategorya at pagbuo ng tema)*

Nagsagawa rin ng pagbuo ng mga tema sa tulong ng dulog tematiko mula sa mga sagot ng kalahok na guro bukod pa sa pagkuha ng pangunahing ideya ng kanilang tugon. Ang mga temang nabuo mula sa proseso ng pagsasakategorya ay ginamit upang ilarawan ang balangkas na bunga ng pag-aaral bilang isang holistikong proseso na magagamit sa pagtuturo ng Filipino na may pagsasanib ng values sa isang mahusay na pamamaraan. Ang mga temang nabuo ay dumaan din sa balidasyon ng tatlong eksperto upang mapagtibay at tanggapin bilang balido. Sa paglalarawan sa balangkas ay mas pingtibay pa ito gamit ang teorya ng Values Clarification ni San Juan upang gawing malinaw ang mga values na kailangang linangin sa pagtuturo ng akda. Sa tulong ng teorya ay naging mas maliwanag ang mga tunguhin ng bawat values kung bakit kailangan ang mga ito ay linangin at paano makatutulong sa mga mag-aaral sa kanilang pagpapaunlad sa sarili at pagiging mabuting tao.

## RESULTA AT PAGTALAKAY

Pagkatapos maisagawa nang maingat at sistematiko ang pangangalap ng datos ay nagkaroon ng pagsusuri. Sa ginawang pagsusuri ay binigyang diin ang mga kahulugan batay sa mga suliranin na nais bigyang pansin sa pag-aaral. Makikita na ang bawat teksto ay lumilinang ng core values at may pagkakataon na dalawa hanggang tatlong core values ang nililinang sa isang teksto.

Maiuugnay din ang mga core values sa pagkakaroon ng malalim na pagpapahalaga sa kalikasan na may epekto at kaugnayan sa takbo ng pamumuhay ng tao, at pagsunod sa utos ng Diyos, at pagiging mabuting tao.

Nariyan din ang Atas Kagawaran Blg. 8 serye 2015 na ginagamit ng mga guro upang sila ay gabayan sa pagbibigay marka sa mga gawi at asal na ipinakita ng mga mag-aaral. Nito lamang taong 2017 ayon sa PTVNews, nagpalabas din ang Kagawaran ng Edukasyon ng isang Atas Blg. 177 tungkol sa pagdiriwang ng *Filipino Values Month* para sa buwan ng Nobyembre. Ang nasabing atas ay nag-aanyaya sa taon-taong pagdiriwang upang mapagkaisa ang bawat Pilipino para sa pagbuo ng layuning nakatuon sa wastong values na magagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Batay sa mga datos na ipinakita, sinuri, inanalisa, at binigyang interpretasyon ukol sa pag-alam sa kahalagahan ng paglilinang ng values sa mga tekstong pampanitikan ng Ikapitong taon, lumabas sa resulta na ang pahayag na,

*"Naisasapuso ko ang kahalagahan ng pagiging patas, makatarungan at may bukas na isipan sa pagtalima sa utos ng Diyos,"* ay nakakuha ng mataaas na mean na 4.72 at ang berbal na interpretasyon ay Lubos na Mahalaga. Samantala, ang pahayag naman na, *"Sumisigla ang aking isipan sa pakikinig ng mga tulang mapanudyo dahil sa mga pabirong himig ngunit may hatid na aral tulad ng pagiging matapat, masinop at responsableng kabataan,"* ay nakapagtamo ng mean na 3.96, ang berbal na interpretasyon ay Mahalaga.

Sa mga nakalap na datos, masasabing karamihan sa mga mag-aaral ay binibigyan ng lubos na pagpapahalaga ang pagiging patas, makatarungan, at may bukas na isipan sa pagtalima o pagsunod sa utos ng Diyos. Sa kabilang banda, mahalaga rin para sa mga mag-aaral ang pagiging matapat, masinop, at responsableng kabataan. Nagpapakita ito na mahalaga sa pakikipagkapuwa tao ang katapatan upang pagkatiwalaan.

Sa resulta ng isinagawang talatanungan ay inilalarawan na lubos na mahalaga ang paglinang ng core values sapagkat ito ay makatutulong upang malinang ang kahalagahan ng pagiging patas, makatarungan, at may bukas na isipan sa pagsunod sa ipinag-uutos ng Diyos. Malinaw na mahalaga rin ang paglinang ng katapatan, pagiging masinop sa lahat ng bagay at oras, at pagiging responsableng mamamayan.

Ayon kay Resh (2016), makatutulong ang values upang ganap na malinang sa mga mag-aaral ang pagiging mabuti, makatarungan, at matapat. Sinasang-ayunan din ito ng isinagawang pag-aaral ni Tamayo (2015), na kung saan ay binibigyang pansin ang isang paniniwala na ang katapatan, pagiging makatarungan at patas ay mahalagang sangkap at puhunan para sa isang matagumpay na hinaharap.

Samantala, malaki rin ang maitutulong ng mga mabubuting gawi o asal na ipinapakita sa bawat akda na sinuri, at batay sa pag-aanalisa ay natukoy ang mga ito tulad ng: *May paggalang sa Diyos, Patas sa paghatol, Mapamaraan, Matalinong mag-isip, at Tamang pagpapasya* ay nakatutulong upang ang mga mag-aaral ay mamulat sa kanyang responsibilidad na bigyang pansin ang mga bagay na dapat isaalang-alang upang hindi siya mapahamak at magabayan din sa mga hindi inaasahang pangyayari na magdudulot ng kapahamakan. Dagdag din dito ang mga aral na tulad ng: *Mahinahon sa lahat, Matapat sa salita, Magalang sa kapatid, Masipag sa gawaing bahay, May malasakit sa kapuwa, Magiliw sa pagtanggap, Pagtanaw ng utang na loob at Kabutihan sa kapuwa* ay nagiging daan upang magkaroon siya ng mabuting relasyon sa kanyang kapwa at ito ang magdadala sa kanya patungo sa isang mapayapa at masaganang pamumuhay.


© 2023 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

Makatutulong din ito upang siya ay maging katiwa-tiwala at maging halimbawa sa iba. Kasama rin ang aral na: *May pagmamahal sa lahi, Mapagmahal sa kapayapaan, Sumusunod sa alituntunin, Mapagmahal sa wika, May respeto sa kultura, at Masunurin sa batas.* Tinutulungan nito ang mga mag-aaral upang mapalalim ang kanyang pagbibigay respeto sa kanyang pagiging Pilipino. Pinatitibay rin nito ang pagmamahal sa bayan at natututong ipagmalaki ang pagkakakilanlan ng isang Pilipino na makabayan. Panghuli ay ang aral na *May pagmamahal sa kalikasan* ay nakatutulong sa mga mag-aaral upang bigyang halaga ang kalikasan at ang daigdig bilang tahanan niya. Sa pamamagitan nito ay nahahasa ang katalinuhan at pagiging malikhain ng mga mag-aaral na gamitin ang likas na yaman sa mabuting paraan na kung saan ay napangangalagaan ito nang tama.

Isa sa mga halimbawa ng nasuring teksto sa pag-aaral na ito ay ang sanaysay na *Bakit Ako Magsusulat sa Wikang Filipino?* ni W. M. Reyes (2010) na kung saan ay lumitaw na ang aral na makukuha rito ay nagpapakita ng pagmamahal at pagmamalasakit sa wikang Filipino bilang sandata sa pagkatuto at pagdukal ng iba't ibang karunungan. Kasama rin ang pagbibigay halaga sa wikang Filipino bilang kawing na nag-uugnay sa sarili at kultura. Natukoy ito sa pamamagitan ng pagbasa sa teksto, at napatunayan na isang values na mahalaga sapagkat nagpapakita ng pagiging makabansa. Ang tekstong ginamit ay may tuon sa paglilinang ng values na pagbuhay sa damdaming makabayan na kung saan ay matutulungan ang mga mag-aaral na maging malay sa kanyang wika at ipagmalaki ito sapagkat marami siyang kapakinabangan na makukuha mula rito.

Sa bahaging ito ng pag-aaral ay tiningnan ang kahalagahan ng paglilinang ng values ayon sa mga kalahok na guro batay sa kanilang naging tugon mula sa isinagawang pakikipanayam. Mayroong pitong katangian ang kanilang tugon tungkol sa halaga ng values sa pagtuturo: *kabutihang-asal sa kapuwa, disiplina sa sarili, pag-unawa sa sarili at kapuwa, makatwirang paghatol, responsableng pagkilos, malikhaing pagganap, at makatotohanang pagganap.* (Naging batayan sa pagkabuo ng tema)

*Kabutihang-asal sa Kapuwa.* Mula sa anim na gurong kinapanayam ng mga mananaliksik ay lumitaw na silang lahat ay tumugon nang may makabuluhang sagot tungkol sa kahalagahan ng pagsasanib ng values sa pagtuturo ng isang araling pampantikan. Bawat isa sa mga guro ay tumugon na ang pagsasanib ay kinakailangan. Ito ay patunay na ang pagtuturo na mayroong maayos na sistema ng pagpapahalaga ay nakatutulong upang matiyak na may tamang values na nalilinang at para masiguro na umaayon ito sa nais makitang bunga. Kailangan ay malinaw ang nais at paano ito gagawin para maabot ang bunga na nais.

Ang kahalagahang ito ay binigyang diin ng mamamahayag na si Ramon Tulfo mula sa kanyang ulat sa *Inquirer.net* noong ika-23 ng Hunyo, 2018 na kung saan ay naniniwala siya na mahalaga ang pagiging mabuti at matalinong tao kaya naman dapat ang isang mag-aaral ay matuto ng mabuting asal, maging matuwid at masunurin, dahil ang isang mag-aaral na mulat sa pagiging mabuti ay mas naiintindihan ang kahalagahan nito upang mapahalagahan ang moral ng kapuwa. Sa pamamagitan nito, ang mga mag-aaral ay magtataglay ng isang katangian na binibigyang pansin ang mabuting pakikitungo sa kapuwa. Makatutulong ito upang mapagnilayan ng mga mag-aaral ang halaga ng pakikipagkapuwa-tao na isang katangian din ng pagiging mabuting Pilipino. Sa kasalukuyang panahon ay matutugunan nito ang pangangailangan ng mga mag-aaral na Pilipino upang mapatibay ang kanyang relasyon sa kapuwa at magkaroon ng damdaming makatao na kung saan ay igagalang ang karapatan at dignidad nito.

*Disiplina sa Sarili.* Samantala, mula sa anim na kinapanayam na tumugon tungkol sa kabutihang maidudulot sa mag-aaral ng isang aralin na naglilinang ng values ay lumitaw na bawat isa ay nagsasabi na ang kahalagahan ng pagsunod sa tama at pag-iwas sa mali ay isang gawaing tama at isang kabutihang naidudulot ng values na nagsisilbing tanda ng pagkakaroon ng disiplina sa sarili. Samantala, hindi rin nalalayo ang mga naging tugon ng iba pang kalahok kung disiplina sa sarili ang kailangan upang maiwasang magkamali at makagawa ng tama.

Ang kanilang mga tugon ay nagpapakita na ang kabutihan ng values sa pagtuturo ng isang teksto ay epektibong paraan upang malinang sa mga mag-aaral ang kamalayan nang pagsunod sa tama at pag-iwas sa mga maling gawain na maaaring makapagdulot ng kapahamakan sa kanila, samantala kabutihan naman kung susunod sa tama. Ang mga ito ay tahasang sinang-ayunan sa isang talumpati ni Tagle (nilahukan nina Howie Severino and John Nery), sa mga mag-aaral para sa isang pagtitipon tungkol sa kahalagahan ng tama, patas, at malinaw na pamamahayag noong ika-30 ng Oktubre, 2018 (mula sa ulat ng CBCPNews). Ayon sa kanya, importante na mahalin ang katotohanan kahit na ito ay sumasalungat sa sariling paniniwala, sinasabi ng pinuno, mga kaibigan, at kahit mga kamag-anak. Naniniwala siya na ang paggawa ng tama ay isang hakbang para maipakita na nasa katwiran ang isang tao. Tinutugunan din nito sa kasalukuyan ang pangangailangan ng mga mag-aaral na maging mahinahon sa lahat ng pagkakataon at isaalang-alang ang mga dapat gawin upang hindi magkamali. Sa pamamagitan nito ay nagkakaroon ng kamulatan at kamalayan ang mag-aaral ukol sa kanyang sarili at dahil din dito ay mas napagninilayan niya kung paano magiging maingat sa lahat ng pagkakataon bilang tugon sa pag-iwas sa kapahamakan na maaaring mangyari.


© 2023 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

*Pag-unawa sa Sarili at Kapuwa.* Samantala, ang naging tugon naman ng mga kinapanayam tungkol sa epekto ng pagtuturong may values sa pagtalakay sa isang tekstong pampanitikan ay nagkakaiba-iba sa maaaring maging bunga ng pagtuturo sa kadahilanang ang bawat isa ay tumugon na ang epekto ng values ay maaaring makatulong sa mag-aaral upang maunawaan ang kanyang sarili at maging sensitibo sa nararamdaman ng kapuwa.

Sinabi ni Henry David Thoreau (2012) mula sa kanyang artikulo na pinamagatang *Truth and Sincerity* na ang katapatan at pagiging totoo sa kapuwa ay magkaugnay at hindi maaaring paghiwalayin dahil ito ay isang katangian ng tao na kailangan niya sa pagharap sa pang-araw-araw na hamon. Ito ay kailangang isapamuhay at dapat si Kristo ay gawing halimbawa upang maging huwaran sa isip, salita, at gawa. Dahil dito ay tinutugunan nito ang pangangailangan ng mga mag-aaral na mapalawak ang kanyang pananaw at mapataas ang antas ng pagkilala sa sarili maging sa kapuwa. Ang pag-unawang ito ay kinakasangkapan din upang ang mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon ay matutong unawain ang kapuwa maging ang sarili nang sa gayon ay maging matibay ang kanyang relasyon sa iba at tingnan ang sarili nang may respeto.

*Makatwirang Paghatol.* Idinagdag din na ang values ay maaaring pagkuhanan ng lakas at katotohanan upang malinang ang isang katangian sa mga mag-aaral para bigyang pansin ang patas na paghusga batay sa katotohanan at tamang pagtimbang ng bawat punto. Ipinapakita nito na ang values ay nakatutulong upang bigyang pansin ang kakayahan ng mag-aaral kung paano huhusgahan ang bawat pangyayari upang mapagtimbang-timbang ang mga ito para makabuo nang tamang paghahatol na maaaring magamit sa totoong buhay at pagbuo ng tamang desisyon.

Ayon kina Fischhoff at Broomell (2019), ang pagbuo ng isang desisyon ay kinakailangang suriing mabuti sapagkat ito ay isang paghatol na kailangang pag-isipang mabuti at hindi isang paghuhula. Sumasang-ayon din dito si Hoge (2021), para sa kanya dapat ang desisyon ay hindi ibinabatay sa kung ano lang ang mapagpipilian. Kailangang timbangin ang sitwasyon at alamin ang magiging epekto nito. Ang ganitong values ay akmang-akma na dapat linangin sa mga mag-aaral upang hindi nila makalimutan na may damdaming nasasaktan kapag naging padalos-dalos sila sa panghuhusga sa kanilang kapuwa. Isinasaalang-alang din ito sa kasalukuyang panahon bilang tugon sa lumalalang problema sa social media sa pagbibigay komento na hindi muna pinag-iisipan kung makatao pa ba ang sinsabi o hindi na.

*Responsableng Pagkilos.* Nagbigay rin ng tugon ukol sa epekto ng values ang ilang kalahok na binibigyang pansin ang kabutihang maidudulot nito sa sarili upang kumilos nang naaayon sa tama at wastong paraan na makatutulong sa sarili para maiwasan ang mali. Ipinapakita rito na ang values ay maaaring makapagdulot sa mga mag-aaral ng kaalaman na makatutulong upang mabuksan ang kanilang isipan sa kahalagahan ng pagiging mabuting tao at responsable sa bawat bagay na mahalaga sa kanya.

Naniniwala si Gungor (2016) na ang pagiging responsable at mabuting tao ay bunga ng isang mabuting pagtuturo dahil ito ay nagpapakita ng pagiging modelo na hayagang makikita sa loob ng pamilya. Para sa kanya, ang pagiging responsable ay tanda ng isang matatag na indibidwal na may sapat na kakayahan. Sa kasalukuyan, ang values na ito ay angkop na angkop taglayin ng mga mag-aaral upang ikintal sa kanyang puso at isipan ang kahalagahan ng pagkilos na isinasaalang-alang ang kabutihang maidudulot nito bago gawin. Tinutugunan din nito ang pangangailangan ng mga mag-aaral na isipin muna nang makailang beses ang bawat gagawin upang hindi makasakit ng kapuwa at hindi magdulot ng kabiguan ang bawat pagkilos na gagawin.

*Masining na Pagganap.* Iba-iba rin ang tugon ng anim na gurong kinapanayam ng mga mananaliksik sa paraan na magagawa nila upang mapahusay ang pagtalakay sa isang aralin na may nililinang na values.

Ang mga pamamaraang kanilang ibinahagi ay napakaepektibo sa pagtuturo sapagkat ayon kina Iqbal et al. (2016), ang paggamit ng biswal ay nakatutulong upang ipahiwatig ang pagiging positibo ng isang aralin dahil ito ay nakatutulong para malinang ang pagsusuri batay sa mga nakikitang larawan. Samantala, naniniwala naman si Hadijah (2016), na ang paggamit ng bidyo o panoorin sa pagtuturo ng values ay makatutulong upang mapataas ang interes ng mga mag-aaral dahil sa mayamang karanasan na mapupulot rito. Ang values na ito ay malaki ang maitutulong upang ang mga mag-aaral din ay maging mapanuri at gamitin ang isipan sa mas masining at mas malalim na pag-iisip upang matugunan ang kanyang pangangailangan na makasabay sa mga pagbabagong nagaganap sa lipunan sa mas makataong pamamaraan. Tinutulungan din nito ang mga mag-aaral na linangin ang kanyang talento sa mas mabisang pamamaraan at gamitin ito sa tama para sa kapakinabangan ng kapuwa at hindi lamang ng sarili.

*Makatotohanang Pagganap.* Samantala, tatlo sa mga kalahok ay nagkaisa na isang paraan na mahalagang gamitin sa loob ng klasrum ay ang sarili mismo ng guro; ang pagkatao ng guro at pagiging makatotohanan.


© 2023 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

Pinatutunayan din ang katotohanang ito sa isinagawang pag-aaral ni Radha (2016) binanggit kay Gul (2017) na ang guro ay may malaking responsibilidad kumpara sa ibang propesyunal sapagkat tinitingnan ng mga mag-aaral ang guro bilang isang perpektong nilalang. Samantala, para kina Mohan at Subashini (2016), malaki ang papel na ginagampanan ng guro sa pagtuturo ng values; ito ay dahil sa kanyang kakayahan na gawing mahusay ang pag-aalaga sa mga mag-aaral. Natutugunan din nito sa kasalukuyan ang pangangailangan ng mga mag-aaral na piliin ang totoo sapagkat ang guro mismo ang nagpapakita ng halimbawa. Matutulungan nito ang mga mag-aaral na maging totoo sa sarili at tukuyin ang pagkakaiba ng katotohanan sa kasinungalingan. Dahil dito ay nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataon na maging malay sa katotohanan na kailangang tanggapin.

Narito naman ang mga nabuong tema mula sa naisagawang pagsasakategorya sa tulong ng dulog tematiko mula sa mga sagot ng mga kalahok na guro. Ang mga temang ito ay ginamit para sa pagbuo ng balangkas. Nagsilbing bahagi ito upang patatagin ang paghahanay ng bawat bahagi at pag-uugnay-ugnay para maipakita ang kahalagahan ng values sa mahusay na pagtuturo.

Ang temang *"Pagiging Responsable at Pagkamasigasig: Susi sa Maunlad na Pagkatuto"* ay nabuo mula sa dalawang kategorya na pagiging responsable at pagkamasigasig. Ang dalawang ito ay resulta ng mga nabuong koda mula sa tugon ng mga kalahok batay sa pagkakatulad nito at pagkakaroon ng iisang hangarin sa pagkatuto. Sa pamamagitan ng temang ito ay maikikintal sa puso at isipan ng mga mag-aaral ang kahalagahan sa kasalukuyan ng pagiging responsible at palaging isaisip kung ano ang makabubuti para sa kanyang sariling paglago at kabutihan ng kapuwa.


Samantala, ang tema naman na *"May Malasakit, at Malawak na Pananaw: Tanda ng pagiging isang Matalino"* ay nabuo rin mula sa dalawang kategorya na pagbibigay halaga sa buhay at pagpapalawak ng kaalaman at pananaw. Nabuo ang dalawang ito mula sa mga kodang binuo batay sa pagkakatulad, pagkakalapit sa isa't isa at pagkakaroon ng balanseng katangian na nais ipakita. Sa tema namang ito ay nalilinang ang isang kamalayan na ang pagiging matalino ay hindi lamang pagkakaroon ng kakayahan kundi pagkakaroon din ng malasakit. At ang bagay na ito ay kailangan ng mga mag-aaral upang kanyang mapagtanto ang tunay na layunin ng kanyang buhay bilang mag-aaral at tao.

Sa kabilang banda, ang tema naman na *“Pagiging Mulat, Huwaran, Malikhain at Makatarungan: Tanda ng pagka-Pilipino”* ay nabuo sa pamamagitan ng dalawang kategorya na kung saan ay may malapit na pagkakaugnay sa isa’t isa ang pagiging mulat ang isipan, pagiging makatotohanan, malikhain, at makatarungan. Samantala, ang kategorya na pagiging huwaran ay nagpapakita naman ng pagiging mabuting halimbawa. Nabuo ang mga ito sa pamamagitan pa rin ng mga koda batay sa pagiging malapit sa isa’t isa at pagkakaugnay. Sa temang ito ay ipinakikita na ang pagiging Pilipino ay binubuo ng mga mabubuting katangian na maipagmamalaki sa buong mundo. Mga katangian ng mahalagang taglayin upang mapaunlad ang sarili at mapataas ang pagkakakilanlan sa lahi dahil ipinapakita nito kung gaano kabuti ang mga Pilipino sa loob at labas ng kanyang bayan.

Samantala, ang pinakahuling tema na *“Disiplinado, Tapat at Totoo: Kawing sa Mas Maayos na Relasyon sa Kapuwa”* ay nabuo sa pamamagitan ng mga kategorya na tumutukoy sa kahalagahan ng disiplina at katapatan, at pagtuklas sa katotohanan. Nabuo ang mga ito mula sa mga koda na nagpapakita ng ugnayan ng disiplina sa pagiging matapat at makatotohanan. Sa tema namang ito ay makikilala ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng isang tao na may disiplina. Mapagtatanto niya na ang susi sa pag-unlad sa sarili ay disiplina. Ito rin ang magiging daan upang mapahalagahan ang katotohanan at maging matapat sa kapuwa at sarili.

Ang mga temang nabanggit sa itaas ay nabuo mula sa pagsasakategorya ng mga ideya na naipakita. Ang mga ito ay mayroong malaking papel na ginampanan para ganap na maipakita ang values na binibigyang diin. Binabalanse nito ang ugnayan ng core values sa isa’t isa upang bigyang diin ang mabuting epekto sa buhay ng mag-aaral.

**Pigura 1**
Umusbong na Balangkas sa Pagtuturo ng Aralin na Naglilinang ng Values




Ang balangkas na makikita sa itaas ay bunga ng mga ideya na nakalap sa isinagawang pananaliksik. Bawat datos na nakuha ay malinaw na inilarawan sa bahagi ng balangkas na nabuo. Inilalarawan sa balangkas bilang sentro ng pagtuturo ang mag-aaral at ang paglilinang ng core values dito. Sentro ng balangkas ang mag-aaral sapagkat ang kanyang pagkatao ang binibigyang pansin sa bawat paglilinang. Patunay rito ang mga mabubuting gawi na makikita sa loob ng kahon na nahahati sa apat na bahagi at sinusuportahan ng bawat core values.

Ang mga bahagi ay nahahati sa natuklasang aral na nagpapakita ng mabuting gawi at asal batay sa naisagawang pagsusuri sa mga teksto. Nahahati ang mga ito sa apat dahil ang mga ito ay may pagkakatulad batay sa core values

na kinabibilangan. Katulad na lamang ang mga gawi na: *May paggalang sa Diyos, Patas sa paghatol, Mapamaraan, Matalinong mag-isip, at Tamang pagpapasya ay naglilinang ng pagiging Maka-Diyos.* Ang mga gawi naman tulad ng: *Mahinahon sa lahat, Matapat sa salita, Magalang sa kapatid, Masipag sa gawaing bahay, May malasakit sa kapuwa, Magiliw sa pagtanggap, Pagtanaw ng utang na loob at Kabutihan sa kapuwa* ay naglilinang ng pagiging Makatao.

Samantala, ang mga gawi tulad ng: M*ay pagmamahal sa lahi, Mapagmahal sa kapayapaan, Sumusunod sa alituntunin, Mapagmahal sa wika, May respeto sa kultura at Masunurin sa batas* ay naglilinang ng pagiging Makabansa. Ang gawing *May pagmamahal sa kalikasan* ay naglilinang ng pagiging Makakalikasan.

Ang mga kulay na ginamit ay naaayon sa kahulugan ng bawat core values ayon sa tema tulad ng kulay asul na para sa *Maka-Diyos* na naglalarawan ng pagiging matatag, mapanalanginin, at puno ng pag-asa. Samantala, ang pula naman ay para sa *Makabansa* na naglalarawan ng katapangan, pagiging masigasig, at huwaran sa pagbibigay pagpapahalaga sa kultura. Ang kulay lila naman ay para sa *Makatao* na inilalarawan ang pagkakaisa, pagtutulungan, pagmamalasakit, at pagrespeto sa kapuwa, at berde para sa *Makakalikasan* na naglalarawan ng pagiging luntian at likas.

Mapapansin na hindi nagtatapos sa paglalahad ng mga mabubuting gawi na natuklasan, bagkus ay pumapalibot dito ang mga temang nabuo mula sa mga naging tugon ng mga kalahok. Ang mga tema ay nahahati sa apat upang balangkasin ang halaga ng mga core values. Katuwang ito sa pagpapatibay at pagpapalakas ng mga core values para sa ganap na pagpapahuhusay ng pagtuturo.

Ang pagkakahati ay bumabalanse sa apat upang ang mga ito ay akmang maiugnay sa bawat isa. Ang temang *"Pagiging Responsable at Pagkamasigasig: Susi sa Maunlad na Pagkatuto"* ay pinapatnubayan ang pagiging *Maka-Diyos* na kung saan ang pagiging responsable at pagkamasigasig ay isang katangian na nagpapakita ng pagkatakot, pagkalugod, at pagsisikap na ang Diyos ang ginagawang sandigan upang magtagumpay at matuto. Samantala, ang temang *"Disiplinado, Tapat at Totoo: Kawing sa Mas Maayos na Relasyon sa Kapuwa"* ay pinapatnubayan ang pagiging *Makatao* na kung saan ay nililinang ang mga katangian tulad ng pagiging disiplinado, matapat, at totoo sa kapuwa upang patatagin ang tiwala ng tao sa kapuwa at bigyang pansin ang pagrespeto.

Ang temang *"Pagiging Mulat, Huwaran, Malikhain, at Makatarungan: Tanda ng pagka-Pilipino"* ay pumapatnubay sa pagiging *Makabansa* na kung saan ay puspusang itinataguyod ang pagkakakilanlan ng pagiging Pilipino na pagiging

mulat sa kasaysayan at kultura, huwaran sa pagsunod sa batas at alituntunin, at makatarungan sa pagpapatupad nito. Samantala, ang temang *"May Malasakit, at Malawak na Pananaw: Tanda ng pagiging isang Matalino"* ay pumapatnubay sa pagiging *Makakalikasan* na ipinapakita ang pagkakaroon ng malasakit sa kapaligiran, at tamang pagpapasya. Naglilinang ito ng balanseng pagmamahal na iniisip ang makabubuti at makasasama sa tamang paggamit ng likas na yaman.

Upang mas maging balanse ang pagpapahusay sa pagtuturo ay kalakip nito ang apat na haligi na pundasyon sa pagpapatatag ng pagkatuto. Ang mga ito ay pampatibay sa pagsasakatuparan na pinangungunahan ng isip, puso, salita, at gawa. Kulay asul ang ginamit upang ipakita ang dedikasyon sa pagsusulong at puspusang paglilinang.

Sa tulong ng nabuong balangkas ay mabibigyan ng tuon ang pagsasanib ng values sa pagtuturo ng akdang pampanitikan kung bakit mahalaga na linangin ang mga values na pumapaloob dito bilang sangkap na kailangan ng mga mag-aaral na maunawaan upang bigyang halaga sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Ang mga values na makikita sa balangkas ay kailangang linangin at taglayin ng mag-aaral upang maabot ang mithiin ng sistema ng edukasyon na makapagluwal ng mga mamamayan na hindi lamang bihasa kundi may puso't damdamin din. Ito ang kabuluhan ng balangkas bilang sanggunian ng mga values na kailangang malinang sa pagtuturo ng Filipino.

Ayon kay Punsalan (2020) sa alinmang balangkas ay palaging ididiin ang pag-aaral tungkol sa mag-aaral na kung saan ang isang mag-aaral ay multi-dimensyonal at holistiko. Binibigyang diin dapat ang moral, espiritwal, pisikal, at intelektwal na kapasidad ng isang mag-aaral. Binanggit din na ang kurikulum ng Values ay dapat nagtatampok ng pagsisikap para maabot ang ninanais na makamit.

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

May pagkakataong tanging dalawa hanggang tatlo lamang sa core values ang nililinang depende sa paksang tinatalakay at tema. Lubos na mahalaga ang paglinang ng values dahil nagpapakita ito ng lubos na pagbibigay halaga sa pagiging patas, makatarungan at bukas na isipan sa pagsunod sa utos ng Diyos. Ang mga ito ay may kabutihang naidudulot sa buhay ng mag-aaral. Tunay ngang ang mag-aaral ang pinakasentro ng pagtuturo at paglilinang. Sa balangkas, ang teksto ay isang lunsaran na nagsisilbing daan sa paglilinang ng core values tulad ng Maka-Diyos, Makatao, Makabansa, at Makakalikasan; samantala, ang guro ay nagsisilbing tanglaw na nagbibigay liwanag.

Iminumungkahing hikayatin ang mag-aaral at kaguruan na pagtuunan ng pansin ang pagtuturong lumilinang ng values upang magmulat ng kaisipan ukol sa kahalagahan ng pagpapahalaga sa kapuwa, kalikasan, bayan, at Diyos. Gamitin din ang balangkas nang lalong mapabuti at mapalakas ang programang pang-edukasyon ukol sa pagsasanib ng values sa Filipino 7 bilang mahalagang hakbang tungo sa pagsusulong ng isang transformative education sa bansa.

## MGA SANGGUNIAN

An Act Institutionalizing Good Manners and Right Conduct and Values Education in the K To 12 Curriculum, Appropriating Funds Therefor, and for other Purposes. (2020, June 25). Retrieved from The LawPhil Project : https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2020/ra_11476_2020.html

Ang Bantayan, 139(1) serye (2019). Watch Tower Bible and Track, 1060 Maynila, Pilipinas.

Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, 1987. (n.d.). Retrieved from Official Gazette : https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng-republika-ng-pilipinas-1987/

Asuncion, R. J. A. (Setyembre 7, 2007). Pandaigdigan na ba ang Wikang Filipino? The Varsitarian, Tomo LXXIX, (3).

Batas Republika Blg. 10533. (2013, May 15). Retrieved from Official Gazette. https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/batas-republika-blg-10533/

Branson, C. M. (2015). Multiple hues : New Zealand school leaders' perceptions of social justice. Journal of Educational Leadership Policy and Practice, 4-16. Retrieved from Australian Catholic University: https://acuresearchbank.acu.edu.au/researcher/80z96/christopher-michael-branson

Calderon, J. F. (2004). Methods of Research and Thesis Writing. National Bookstore.

Cuasay, Pablo M. (2011). Mga 55 Piling Alamat ng Pilipinas. National Bookstore.

DepEd enjoins the nation in observance of Filipino Values Month (DepEd Memorandum No. 177, s. 2017). (2017, November 9). Retrieved from PTVNews.ph. https://ptvnews.ph/deped-enjoins-nation-observance-filipino-values-month/


© 2023 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)

DepEd Order 8, s. 2015: Policy Guidlines on Classroom Assessment For the K-12 Basic Education Program. (2015, April 1). Retrieved from Deped.gov.ph: https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2015/04/DO_s2015_08.pdf

DepEd Order No. 36 S. 2013: Our Department of Education Vision, Mission and Core Values (DepEd VMV). (2013, September 30). Retrieved from Depedpines: https://depedpines.com/2013/09/deped-order-no-36-s-2013-our-department-of-education-vision-mission-and-core-values-deped-vmv/

Edgar, B. (2010). Eight Core Christian Values by Brian Edgar, Director of Theology and Public policy for theEvangelical Alliance. Retrieved from Studocu.com: https://www.studocu.com/row/document/africa-nazarene-university/family-therapy/eight-core-christian-values-by-brian-edgar/54249486

Escasenas, R. A., Toledo, M. (2015). Values education integration in Intermediate Algebra instructional materials. World Journal of Educational Research, 2(2): 1-19. http://www.wjer.org/WJER_Vol.%202,%20No.%202,%20June%202015/VALUES%20EDUCATION%20.pdf

Evasco, K. E. (2015). The integration of values in the teaching of Social Sciences. Bicol University Sagpon, Daraga 4501, Albay, Philippines.

Ferreira, C. (2014). Teachers experience of the implementation of values in education in schools: "Mind the gap." South African Journal of Education, 34(1): 1-13. DOI:10.15700/201412120939

Fischhoff, B., & Broomel, S. B. (2019). Judgment and Decision Making. Annual Review of Psychology, 6-25. Retrieved from https://www.scribd.com/document/496513939/Fischhoff-B-Broomell-S-B-Judgment-and-Decision-Making

Gul, S. B. (2017). TEACHER AND VALUE EDUCATION: AN EXPLORATORY STUDY. Inquiry-Peer Reviewed Journal.

Gungor, A. (2016). Investigating the Moderating Effects of Optisism, Hope, and Gratitude on the Relationship Among Negative Life Events and Psychological Distress and Life Satisfaction. Retrieved from University of Central Florida : Investigating the Moderating Effects of Optisism, Hope, and Gratitude on the Relationship Among Negative Life Events and Psychological Distress and Life Satisfaction

Hadi, R. (2015). The integration of character values in the teaching of economics: A case selected high school in Banjarmasin. International Education Studies, 8 (7). doi:10.5539/ies.v8n7p11

Iyer, B. R. (2013). Value-based education: Professional development vital towards effective integration. Journal of Research and Method in Education, 1(1):17-20. http://iosrjournals.org/iosr-jrme/papers/Vol-1%20Issue-1/D0111720.pdf

K to 12 Batayang pangkurikulum sa Filipino Baitang 1 hanggang 10. (2013). DepEd Central Office, Pasig City, Philippines.

Let's work together, Cardinal Tagle urges Catholic media. (2018). Retrieved from CBCPNews: https://cbcpnews.net/cbcpnews/lets-work-together-cardinal-tagle-urges-catholic-media/

Mangahas, M. (2019, May 25). Filipino concern for the environment. Retrieved from Inquirer.Net: https://opinion.inquirer.net/121565/filipino-concern-for-the-environment

Marini, A. (2017). Integration of character values in school culture at elementary schools in Jakarta, Indonesia. Journal of Arts and Humanities, 6 (5): 21-32. http://dx.doi.org/10.18533/journal.v6i5.1171

Meta-analysis, E.-R. C.-B. (2021). Hoge, Elizabeth A; et al. Springer, 1-22. Retrieved from Researchgate: https://www.researchgate.net/publication/346539400_Emotion-Related_Constructs_Engaged_by_Mindfulness-Based_Interventions_a_Systematic_Review_and_Meta-analysis

Mohan, A., & Subashine, A. E. (2016). Role of Teachers in Inculcating Values among Students. International Journal of Advance Research and Innovative Ideas In Education.

Moralista, R., Delariarte, G. (2016). Values and moral education integration among faculty members of the school education at West Visayas State University, Philippines. Journal of Social Sciences & Humanities Research, 2 (1): 1-5. https://scholar.google.com/citations?view_op=view_citation&hl=en&user=nTsjNxYAAAAJ&citation_for_view=nTsjNxYAAAAJ:Tyk-4Ss8FVUC

Muega, M. A. (2010). Values/Moral Education: Current Conceptions and Practices in Philippines Schools. Alipato Journal, 9.

Nuevo, F. A. (2016). Exercise of the core values and the extent of integration of such in teaching social studies by the Grade 5 and 6 teachers. Institute of Graduate and Professionals Studies, Lyceum-Northwestern University, Bolinao, Pangasinan, Philippines.

Punsalan, M., & al, e. (2020). Panukalang kurikulum sa Filipino sa senior high school. International Journal of Research Studies in Education.

Resh, N., & Sabbagh. (2016). Justice and Education. Handbook of Socila Justice and Research, 349-367.

Rex Supplemental Lessons Filipino 7 Ikatlong Markahan. (2016). Rex Publishing.

Reyes, W. (2010). Bakit ako magsusulat sa Wikang Filipino? Retrieved from Kawika: https://kawika2010.wordpress.com/mga-sanaysay/%E2%80%9Cbakit-ako-magsusulat-sa-wikang-filipino%E2%80%9D-ni-wmreyes/

Sahin, U. (2019). Values and values education as perceived by primary school teacher candidates. International Journal of Progressive Education, 15 (3). Pamukkale University, Faculty of Education, Turkey. DOI: 10.29329/ijpe.2019.193.6

Santiago, Erlinda M. et al. (2010). Panitikang Filipino. National Bookstore.

Tabora, J. E. (2015, October 5). Catholic Education and the Poor. Retrieved from Fr. Joel E. Tabora, S.J. Blog: https://taborasj.wordpress.com/2015/10/05/catholic-education-and-the-poor/

Tamayo, A. (2015). Graduate Tracer Study and Academic Reputation of University. 1-8.

Thoreau, H. D. (2012). Henry David Thoreau Quotes About Sincerity. Retrieved from Azquotes: https://www.azquotes.com/author/14637-Henry_David_Thoreau/tag/sincerity

Tugas, F. C. (2018, January 21). Please mind the curriculum gap . Retrieved from Business World: https://www.bworldonline.com/editors-picks/2018/11/21/200557/please-mind-the-curriculum-gap/

Tulfo, R. (2018, June 23). Values more important than knowledge. Retrieved from Inquirer.Net: https://newsinfo.inquirer.net/1003390/values-more-important-than-knowledge

## TUNGKOL SA MGA MAY-AKDA

Si **Marlon Lopez Miguel** ay nakapagtapos sa ilalim ng programang Batsilyer ng Edukasyong Pansekondarya Medyor sa Filipino sa Don Honorio Ventura Technological State University (DHVTSU) na ngayon ay Don Honorio Ventura State University (DHVSU). Sa naturang unibersidad din niya natapos ang kaniyang Master ng Sining sa Edukasyon-medyor sa Filipino. Nakapagtamo ng ilang akademikong yunit sa digring Doktor ng Pilosopiya sa Filipino Medyor sa Panitikan sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Ngayon ay kasalukuyang kumukuha ng digring Doktor ng Pilosopiya sa Edukasyong Pangwika sa Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas. Nagtuturo ng mga elektib at specialized na kurso sa Filipino katulad ng KomFil, DalFil, SosLit, Panunuring Pampanitikan, Pamamahayag, at iba pa. Guro sa ilalim ng Kolehiyo ng Sining at Agham sa DHVSU. Liban sa mga nabanggit, nakapaglathala na rin ng kaniyang mga pagsasalin at nakapaglahad ng pananaliksik sa mga internasyonal na kumperensiya. Kabilang sa mga faculty extentionist sa Kolehiyo ng mga Sining at Agham. Miyembro din siya ng iba't ibang samahang nagtataguyod sa wika at disiplinang Filipino katulad ng Pambansang Samahan sa Lingguwistika at Literaturang Filipino Inc. (PSLLF), Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino, at Literature Educators Association of the Philippines.

Si **Fhilip Aguirre Perida** ay nakapagtapos ng kaniyang digring batsilyer sa Don Honorio Ventura Technological State University (ngayon ay Don Honorio Ventura State University) sa programang Edukasyong Pansekondarya Medyor sa Filipino. Sa naturang unibersidad din siya nagtatapos sa kursong Master ng Sining sa Edukasyon medyor sa Filipino. Kasukuyan siyang nasa digiring Doktor ng Pilosopiya sa Filipino Medyor sa Panitikan sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Bago naging instructor sa DHVSU ay nagserbisyo muna siya ng limang taon sa pampribadong paaralan sa San Fernando, Pampanga. Kabilang sa kaniyang mga naituro ay ang asignaturang Filipino sa elementarya at Sekondarya, Values Education at may karanasan sa pagtuturo ng Agham. Sa kasalukuyan ay mga Specialize at Gen. Ed na asignatura sa Filipino ang kaniyang mga itinuturo. Kasapi siya sa organisasyong Ang Kampilan na may layuning ipabatid sa taumbayan ang kanilang mga karapatan bilang mamamayan at propesyonal na tao upang makaiwas sa anomang uri ng karahasan at pang-aabuso. Nakapagpresenta na rin ng pananaliksik sa mga internasyonal na kumperensiya.


© 2023 | ISSN 2546-0730 (Online) | ISSN 1908-8701 (Print)